

# PROLOGUE

Nagmamadali ang bawat hakbang ni Aleana papasok ng ospital. Just like what she did more than a month ago nang unang inatake sa puso ang daddy niya. But this time, hindi lang ang tunog ng takong ng sapatos niya ang maririnig sa lobby kundi maging ang kay Charm at ang sa babaeng mas nag-aalala pa yata kaysa sa kanya—si Camelia.

Bagaman tutol ang anak nitong si Zeth na sumama ito sa kanila pabalik ng Maynila, hindi nagpapigil ang babae. Sa huli ay pinagbigyan ito ng lalaki. Sumama na rin ang huli sa kanila, pero mas pinili nitong maghintay sa loob ng kotse kaysa makita ang ama nito.

Naabutan niya ang ama na nakahiga sa hospital bed at nagpapahinga. Naroon din sina Mya at ang family doctor nilang si Dr. Maniego. Sabay na napatingin sa kanila ang dalawa nang umingit ang pinto.

Nang ngumiti sa kanya si Mya ay nakahinga na siya ng maluwag kahit papano. Ganoon din si Charm na nasa likuran niya lang. Narinig niya ang relief sa buntung-hininga nito.

“Aleana, ang tigas talaga ng ulo ng daddy mo,” bungad sa kanya ng manggagamot. Umiling-iling pa ito.

“How is he, Doc?” Lumapit siya rito.

“He’s fine for now. But I cannot guarantee his health next time na magkaroon ulit siya ng heart attack. I think he’s having chest pain these past few weeks, pero tinatago niya. We all know he’s not getting any younger, hija. I suggest kailangan niya ng mahabang pahinga. A vacation is much better. Just make sure na may tao na magbabantay sa oras ng pag-inom niya ng gamot. At utang na loob, Aleana, please remind your dad constantly na huwag masyadong isipin ang nakakapagpa-depress sa kanya. Ilang beses ko na siyang sinabihan, pero mukhang hindi pa rin sumusunod.” Naging seryoso ang mukha nito.

“Don’t worry, Doc. I’m pretty sure starting today, hindi na made-depress ang Daddy.” Makahulugan siyang tumingin kay Camelia na nasa likuran niya. Inaalalayan ito ni Charm dahil kanina pa ito umiiyak buong biyahe nila. Ngayon ay sumisinghot-singhot na lang ito.

“You’re not the one I think you are, right?” untag ng doktor.

Ngumiti lang dito si Camelia. Napapantastikuhang nagpapalit-palit ang tingin niya sa dalawa. “You knew about Camelia, Doc?”

“Not really. Nabanggit lang siya minsan sa ’kin ni William. How did you find her?”

“It’s a long story.” Ngumiti siya rito.

“Maybe I’ll hear that one of these days.” Tumingin ito sa relo. “Bueno, I’d better go now. I know you have a lot of catching up to do.” Makahulugan itong ngumiti kay Camelia.

“Thank you, Doc. Is it okay kung gisingin namin si Dad ngayon? Para magkita na sila—”

“Oh, yeah, yeah. It’s perfectly okay. Baka mas lalong ma-depress ’yan kapag nalaman niyang dumating na si Camelia at hindi n’yo man lang ginising. Pero huwag n’yo lang masyadong i-stress, okay?” Ngumiti ito.

Sa huling pagkakataon ay nagpasalamat sila rito. Nang makaalis si Dr. Maniego ay saka lang siya lumapit sa ama. Hindi niya na kinailangan pang gisingin ito dahil nang hawakan niya ang kamay nito at pisilin ay nagmulat ito ng mga mata. Sa pagbukas pa lang ng mga iyon ay nakitaan niya na ito ng takot.

Nginitian niya ito nang pagkatamis-tamis. “Ang sabi ni Doc, ang tigas daw ng ulo mo.” Pumalatak pa siya kunwari.

“Did you happen to find her?” Hopeful ang mga mata ng matanda.

Sa halip na sumagot ay tumingin siya sa direksyon ni Camelia. Hindi niya na kailangang utusan ang ama dahil sinundan din nito ng tingin ang tinitingnan niya. Pakiramdam niya ay naging slow motion ang lahat. Mula sa pagtatagpo ng mga mata ng dalawa, sa pagngiti ni Camelia sa kabila ng hindi maampat nitong pag-iyak, pag-angat ng kamay ng daddy niya para palapitin ang minamahal nito, patakbong paglapit ng babae at sa mahigpit na hawakan ng kamay ng mga ito habang nag-iiyakan—lahat ng iyon ay nasaksihan nila ni Charm at Mya.

Akala niya ay sa pelikula lang nangyayari ang mga ganoong madramang tagpo. Pero posible rin pala iyon sa totoong buhay. Dahil heto siya ngayon, habang pinupupog ng halik ng daddy niya ang mukha at kamay ni Camelia ay nakikisabay sila sa iyakan ng dalawa. Makita lang ang dalawang nagmamahalan na masayang-masaya sa muling pagtatagpo ay sapat na para sa paghihirap nilang tatlo. Masarap din sa pakiramdam na naging daan siya para magkaroon

ng isang happy ending ang isang love story. At sa adventure na ginawa niya, hindi lang isang love story ang nasaksihan niya.

“I’m sorry. Patawarin mo ’ko...” paulit-ulit iyong sambit ng daddy niya.

“Shh...” awat ni Camelia. “Nasabi na sa ’kin ni Aleana ang lahat. Sapat na sa aking malaman na ginawa mong hanapin ako noon. Hindi nga lang siguro tayo pinahintulutang magtagpo kaagad.”

“Kahit hindi ako ang nakahanap ng mga sulat?”

Tumango si Camelia. Pilit na pinipigilan ang patuloy na pagluha. “Kahit hindi ikaw. Ginawa lang naman ni Aleana ito dahil na din sa ’yo, di ba? Isa pa, kung nagkataong hindi nagsinungaling dati si Ramon, disin sana ay noon pa tayo nagkita at hindi na ’ko nakapag-iwan pa ng ibang sulat.”

“Patawarin mo ’ko sa lahat, Cam. Sa mga panahong nasaktan kita. Sa mga luhang sinayang mo ng dahil sa kagaguhan ko. Nalaman ko lang ang kahalagahan mo nang mawala ka sa buhay ko. Kung alam mo lang—”

Pinutol ni Camelia ang lahat ng gusto nitong sabihin sa pamamagitan ng paglalagay ng hintuturo sa bibig ng lalaki. “Matagal na kitang pinatawad,

Yam. Hinintay ko lang talaga ang pagkakataong ito. Ang ma-realize mong mahal mo din ako. Natakot kasi akong baka hindi mo ulit tanggapin ang pag-ibig ko kapag binigay ko sa 'yong muli. I can't bear another rejection from you, Yam. After that night na may nangyari sa 'tin, aaminin ko, nagalit ako sa 'yo. Pero sa kabila ng galit at hinanakit, hindi ko maitatangging mahal pa din kita.

Kaya naisip ko ang tungkol sa mga sulat gaya ng dati nating ginagawa noong mga bata pa tayo. Naisip ko, kahit man lang konti ay mapahirapan kita at nang sa muli mong pagbabalik ay masiguro kong mahal mo nga akong talaga. Hindi sa kadahilanang hinanap mo lang ako dahil kailangan mo 'ko bilang shock absorber mo. But then, as years went by, natutunan na kitang patawarin. Wala na 'kong pakialam makompleto mo man ang lahat ng sulat o hindi. Ang gusto ko lang, magkaroon ka ng lead kung nasaan na 'ko. Mahal na mahal kita, Yam. At kahit abutin man ako ng ilang taon, alam ko, hihintayin at hihintayin pa din kita.”

“I don't think I'm worthy of your love, Cam. Ilang beses na kitang sinaktan. Hindi kita ipinaglaban kay Ramon Medrano nang magsinungaling siya sa 'kin. Instead, tinanggap ko lang ang lahat ng sinabi niya at hindi na 'ko lumapit pa sa 'yo. Hindi ko alam kung paano ako babawi sa mga pagkukulang ko sa 'yo.”

“Shh... don’t say that.” Dinampian ng halik ni Camelia ang kamay ng ama niya. “Mahalin mo lang ako. Sapat na sa akin iyon. Hindi pa naman huli ang lahat, di ba?”

Tumango si William. “I’ll make it up to you, Cam. Mula ngayon hanggang sa malagutan ako ng hininga.”

“Mabubuhay ka pa ng matagal, Yam. Tadhana ang nagpalayo sa atin noon, tadhana din ang naglapit sa ’tin ngayon. At alam ko, hindi niya hahayaang magkalayo ulit tayo.”

Nagkatinginan silang tatlo. Maging ang mga kaibigan ay hiram din sa luha dahil sa nasaksihan. Nag-usap ang mga mata nila at nagkasundo. Tahimik silang lumabas ng kuwarto at binigyan ng privacy ang dalawa.

# 1

“I still can’t believe that a love like that of Sir William’s and Camelia’s still exists. Hindi nawawala kahit ilang dekada man ang dumaan,” saad ni Mya habang pinapahid ang naipong luha sa mata.

“That’s what you call selfless, unconditional, pure and true love. Sa dami ng adjective na nilagay ko, feeling ko ay kulang pa din. Ang sarap, ma-in love, ano?” Si Charm; nagde-daydreaming.

Kumibit lang si Aleana ng balikat at hindi nagkomento. Wala siyang masasabi dahil hindi niya pa nararasanang ma-in love. Pero hindi naman siya bato para hindi maiyak sa nasaksihang pagtatagpong muli ng daddy niya at ni Camelia. Kaya nga minabuti nilang lumabas na ng kuwarto at bigyan ng privacy ang mga ito.

“I’m just glad all our efforts paid off. Masaya na si Dad at nahanap niya na si Camelia. Makokompleto na ang pamilya niya.”

Nagsimula silang maglakad. Kahit hindi sila mag-usap, alam niyang iisa lang ang pinatutunguhan ng mga paa nila—ang canteen ng ospital.



“Makokompleto na ang pamilya n’yo,” pagtatama ni Charm. “Huwag mo ngang ini-exclude ang sarili mo! Malaki ang naging contribution mo kung bakit sila nagkabalikan. Alam nating lahat iyon. Kaya kahit ang sabi ni Camelia ay wala na siyang pakialam makompleto man ni Tito William ang mga sulat, the fact still remains na pinaghirapan mo ang lahat ng ’to.”

“Pero isipin n’yo, girls, kahit pala nag-hire na lang tayo ng PI, okay lang din kasi hindi naman pala napanindigan ni Camelia iyong kondisyong hiningi niya sa umpisa. Di ba?” si Mya.

“Kung nag-hire tayo ng PI, hindi mo makikilala si Tristan?” buska ni Charm dito. “Aminin mo, Mya, hindi ka mahilig sa arts dati at nunca na maiisipan mong kusang dumalaw sa bahay ng isang lalaki. Kung hindi ka pa pinakiusapan ni Aleana na tulungan siya, hindi magtatagpo ang landas n’yo ng papa mo. Kaya naka-benefit ka sa adventure na ’to.”

“At bakit ikaw hindi?” ganti ni Mya. “Porke’t alam mong mahal ka na ni Iver dati pa lang, eh. Kung hindi din dahil sa paghahanap natin sa mga nawawalang sulat, hindi kayo magkakaayos ni Iver.”

Napailing na lang Aleana. “Tigilan n’yo nga ’yan!” natatawang saway niya. “Nagdidiskusyon pa kayo,

eh lahat naman kayo nag-benefit dito! Tama kayo, somehow through these lost letters, natulungan niya kayong hanapin ang Mr. Right n'yo. At hindi lang kayong dalawa, even sina Yara and Lyc na naging konektado sa mga sulat ay nagkaroon din ng love life, hindi ba? Madaming nagawa ang mga lost letters. First, we were destined to look for them to somehow crossed our paths with your Mr. Right. Second, we learned about my dad's love story. Third, nalaman din natin na may selfless, pure and true love pa palang natitira dito sa earth sa katauhan nina Daddy. Fourth, we enjoyed the hunt and we've met different kinds of people. Fifth, mas masarap sa pakiramdam na tayo mismo ang naghirap para sa kaligayahan ng dalawa than rely on some PI. And lastly, we save Dad's health right on time.”

Nakilala ni Mya ang current boyfriend nitong si Tristan dahil ito ang nagmamay-ari ng bahay na dating tinitirhan nina Camelia. Samantalang ang Iver naman ni Charm ay unexpectedly, anak ng close friend din ni Camelia. Naghiwalay sina Iver at Charm nang hindi naso-solve ang issues. Sa muling pagbabalik nito sa Pilipinas ay saka nila nalaman kung ano ang koneksyon ng lalaki kay Cam. Si Yara na nakilala nila sa Cebu ended up with Camelia's alaga—si Nate. At si Lyc, ang anak ng naging tutor ni Camelia sa Davao

ay na-involve sa taong nagtangkang isabotahe ang flower farm na pagmamay-ari ng mga ito.

“I agree.” Si Mya.

“Amen to that! Pero I’m just wondering, Aleana. Bakit kaya sa buong journey ng paghahanap natin sa mga letters, hindi mo man lang na-meet ang Mr. Right mo? Samantalang lahat ng tao sa paligid mo ay nakahanap?” Si Charm. Animo totoong nagtataka talaga. Huminto pa ito kahit nasa harapan na sila ng pintuan ng canteen, humarap sa kanya at pagkuwan ay hinimas-himas ang baba.

Umigkas ang isang kilay niya. “At bakit lumiko sa ’kin ang usapan at napunta sa mga ganyan? I’m talking about you guys here! And besides, I’m not looking for him!” Pinandilatan niya ito ng mga mata.

“Eh bakit, kami ba, hinahanap ba namin siya? Hindi naman, ah!”

Natawa si Mya. “Ang lakas mong tuksuhin ako n’ung hindi pa kami ni Tristan, pero ngayong ikaw ang tinutukso ay napipikon ka agad!”

“Eh, bakit? May katukso-tukso naman talaga sa inyo nang panahong ’yun, ah! Samantalang ngayon, wala!” hindi sumusukong sagot niya.

“Anong wala? Eh, ano’ng tawag mo diyan?” Ininguso ni Charm ang lalaking nasa loob ng canteen at mukhang papaalis na. Eksakto kasing may pumasok na babae at bumukas iyon sa harap nila.

Nagsalubong ang mga kilay ni Aleana nang makilala ang lalaking ininguso ni Charm. “Pakialam ko sa taong ’yan?”

Bungisngis lang at nanunuksong tingin ang sinagot sa kanya ng dalawa. Dahil ang lalaking tinutukoy ni Charm ay walang iba kundi ang anak ni Camelia at ng daddy niya.

Si Zeth.

---

Kanina pa nasa labas ng kuwartong iyon si Zeth at nagtatalo kung papasok sa loob niyon o hindi. Nasa canteen siya at hinihintay roon ang ina nang bigla itong tumawag. Pinapasunod siya nito sa kung saan man ito ngayon. He knew the moment he entered the door, that his life would change—drastically. And he did not want to change what he was having now.

Kagaya ng mga batang lumaking walang amang nakikita sa paligid ay hinanap din niya ito sa ina noon. He remembered asking her mother almost every day during his childhood years. Pero sa tuwina

ay ngiti lang at isang malumanay na, “Someday, you’ll understand” ang sagot nito. He was already in high school when that ‘someday’ came. Iyon din ang simula ng kanyang galit sa biological father na hindi niya nakikilala.

He did not have any slightest idea about her parent’s story. Ang alam niya lang, pinagbubuntis pa siya ay wala na ang kanyang ama. Ni anino nito ay hindi nagpakita sa kanila at never na binigyan sila ng sustento. He had vivid memories of how his Tita Laila hated his father for abandoning and hurting his mom. Lagi nitong sinasabi iyon kapag dumadalaw ito sa kanila noong nasa Davao pa sila. And his mom would always defend his father.

Hindi siya bulag para hindi maramdaman at makita ang paminsan-minsang pag-iyak-iyak ng ina at ang kalungkutan sa mga mata nito sa tuwing nag-iisa ito. Maraming manliligaw si Camelia, pero ni isa ay wala itong sinagot. At alam niya kung bakit—dahil sa ama niyang mahal na mahal umano nito.

Ni minsan ay hindi ipinaliwanag sa kanya ng ina kung bakit hindi nila nakasama ang ama. Lagi nitong sinasabi na walang kasalanan ang ama at hindi nito alam na nag-e-exist siya sa buhay nito. And he knew that’s bullshit. Kung totoong mahal nito ang ina,

gagawin nito ang lahat makasama lang sila. Pero matay man niyang isipin, wala siyang makitang rason kung bakit hindi alam ng tatay niya ang existence niya at kung nasaan talaga sila. Siguro nga ay hindi niya alam ang buong katotohanan. Pero sapat na sa kanya ang makitang sa kabila ng mga ngiti at tawa ng ina niya ay nandoon pa rin ang kahungkagan at kalungkutan nito. At nakaka-frustate isiping kahit siya ay hindi kayang punuan iyon ng buong-buo.

Kilala niya si William Lacsamana. Sino nga ba ang hindi gayong kilala ito sa corporate world? He even bought stocks from that company at hanggang ngayon ay hindi niya pa pinu-pull out ang maliit niyang shares dahil stable ang kompanya nito sa stock market.

But never in his wildest dream na ang taong may atraso sa pamilya nila at ang taong hinahangaan niya sa larangan ng negosyo ay iisa. Hindi na siya galit sa ama. Tapos na siya sa stage ng buhay niya noong teenager siya kung kailan nagrerebelde siya at kumikimkim ng galit dito. Sa pagdaan ng mga panahon, natutunan niyang deadmahin na lang ang kulang sa buhay niya, kaya pinupunan niya iyon ng ibang bagay like surfing, photography and investing in stock market. Nalaman niyang hindi maganda ang magkimkim ng sama ng loob sa ibang tao. Thirty years

old na siya ngayon. At sa loob ng tatlumpung taon niya sa mundo, hindi niya inisip na hanapin ito. He had his loving mother, successful career and trusted friends. Wala siyang makitang kulang sa buhay niya dahil hindi niya ikinokonsiderang pagkukulang ang walang ama. For him, his father died a long time ago.

Kaya wala siyang ibang maramdaman ngayon sa biological father niya kundi... wala.

He raised his right hand to knock on the door. Pero hindi pa man niya iyon tuluyang naiaangat ay ibinaba niya na ulit. Isinilid sa magkabilang bulsa ang dalawang kamay habang patuloy pa rin sa pagtitig sa nakapinid na pinto. Bumuntung-hininga si Zeth at pagkatapos ay tumalikod.

Hindi niya pa kayang makita sa ngayon ang sinasabi ng lahat na ama niya. Hindi pa sa ngayon.

Nakakailang hakbang pa lang siya nang muling tumunog ang cellphone niya.

“Mom...” bungad niya agad nang sagutin iyon.

“Where are you, hijo?”

“Not now, Mom.” Mahihimigan ang konting pakiusap sa tinig niya.

Katahimikan ang sinagot nito. Alam niyang

nasasaktan niya ang ina sa ginagawa niya. Pero alam niya ring naiintindihan nito ang nararamdaman niya. Hindi lingid sa kaalaman nito ang nararamdaman niya para sa ama noon.

“Mom?” untag niya rito.

“O-okay, son. Maybe this is too soon.” Gumaralgal ang boses nito.

Napapikit si Zeth. Iyon ang weakness niya noon pa man. Ang makitang umiiyak ang ina. He had enough of that noong bata pa siya kaya gusto niya hangga’t maaari ay hindi niya na makita pa iyon ngayon. “Mom, please don’t cry,” pakiusap niya.

“I won’t, Zeth. I understand. And I’m not gonna force you to do things I know you’re not ready for.”

“Love you, Mom.” He sounded so cheesy, he knew that. Pero iyon ang nakasanayan niyang lambing sa ina mula pa noong college siya.

“And I love you, too, son.” Kahit hindi niya ito nakikita, alam niyang nakangiti ito sa kabila ng pag-iyak.

---

“Mom, I have my own condo. Bakit kailangan ko pang manirahan d’un sa bahay niya?” reklamo ni



Zeth matapos ipaliwanag sa kanya ng ina ang gusto nitong mangyari. Kasusundo niya lang dito sa ospital. Doon kasi ito nagpasyang matulog para bantayan ang... well, ama niya.

“Please, anak, do this for me. Ang gusto namin ni Yam ay mabuo ang pamilya natin. Ako, siya, ikaw at si Aleana.”

“How about Aleana’s mother?” Nang una silang magkita sa Baguio ay humanga siya kaagad dito. Pero nang malaman niyang anak ito ng lalaking sinasabing ama niya, hindi niya alam kung ano ang mararamdaman. Halu-halong emosyon na iyon—gulat dahil sa biglang pagsulpot nito, galit dahil sa panggugulo nito sa nananahimik nilang buhay at sa pagpapaiyak sa ina niya and somehow, he was disappointed. Because no man in his right mind would ever wish to be the brother of a very attractive lady like Aleana Lacsamana. Kaya nang maisip na posibleng maging kapatid niya ito ay nakaramdam siya ng kaunting panghihinayang. Hindi dahil sa may plano siyang ligawan, kundi nagagandahan lang talaga siya dito.

“Aleana is your father’s adopted daughter. Six years old siya nang mapulot ni Yam sa kalsada.”

He smirked. “Wow! So kind of him. Nakuha

niyang mag-alaga ng isang ampon samantalang sarili niyang mag-ina, hindi niya makuhang hanapin at alagaan.”

“Zeth...” Nagpapaunawa ang boses nito.

“Sorry.” Labas sa ilong ang paghingi niya ng paumanhin.

Naramdaman niya ang pagpisil nito sa kamay niya sa may bandang siko. Saglit niya lang itong tinapunan ng tingin, pero nakita niya sa mga mata nito ang magkahalong kasiyahan, kalungkutan at sakit. Naiintindihan siya nito but at the same time, gusto nitong pagbigyan niya ito at unawain.

Napahinga siya nang marahas. Tanging ang ina ang nakagagawa niyon. Her mom was a loving and passionate woman. Sa unang tingin pa lang ay makikita na agad ang soft side nito—mapagmahal, mapag-aruga at maunawin. Pero hindi makikita sa ina na mahina ito kahit pa sabihing may mga kaunting wrinkles na ito sa mukha. Instead, she wore those signs of maturity on her face with pride. Lagi iyong sinasabi ng ina na ang mga linya sa mukhang iyon ay sumisimbulo sa mga pinagdaanan nito sa buhay na nagpatatag at humulma sa kung sino ito ngayon. Makikita kay Camelia ang soft side nito, pero mababakas ding kailanman ay hindi ito susuko

sa anumang problema.

Iyon ang kanyang ina. Kaya nga mahal na mahal niya ito.

At dahil sa pagmamahal niya rito, makakaya niyang isantabi ang anumang opinyon at nararamdaman niya kung ang kapalit niyon ay ang kaligayahan nito.

---

“What’s going on? Am I missing something?” tanong ni Aleana habang pababa siya ng hagdanan. Umagang-umaga at hindi pa siya nakakaalis ng bahay papuntang opisina ay abalang-abala na ang mga katulong na para bang may importanteng mangyayari.

“Good morning, sweetie!” masayang bati ng daddy niya na katatapos lang kausapin si Manang Lucia. Simula nang lumabas ito ng ospital dalawang linggo na ang nakakaraan ay malaki na ang ipinagbago nito. Kung noon ay pinipilit niya pa itong kumain, madalang makitang ngumiti at matamlay, ngayon ay daig pa nito ang mga kaedad niya sa taas ng energy. Hindi lang ito basta ngumingiti kundi nakikitawa pa at maganang-maganang itong kumain.

She kissed him on the cheek. “Morning, Dad. What’s going on? Are we having a party?”

Mabilis itong umiling. “Oh no, hija. Nagpapa-general cleaning lang ako.”

“This early?” hindi makapaniwalang kumpirma niya. Napangiti siya. “Dad, seven o’clock pa lang. Hindi ba parang OA naman ang general cleaning nang ganito kaaga?”

Gumanti ito ng ngiti. “I need to. By ten A.M., darating na sila. Kailangan presentable ang bahay.”

Kumunot ang noo ni Aleana. “May bisita ka?” Umiling ito. “Sino ang sinasabi mong darating?” tanong niya kahit may ideya na siya kung sino ang tinutukoy nito.

“Your Tita Cam and my son.”

“That’s good. After two weeks, at least, dadalaw na sila sa ’yo,” parinig niya. Ang buong akala niya, magiging regular na nilang bisita ang babae pagkalabas ng ospital ng ama. Naayos na kasi ng mga ito ang mga issues na dapat pag-usapan. Pero dalawang linggo na ang nagdaan at pagkatapos itong ihatid ng mag-ina ay hindi na ulit nagpakita ang mga ito. She was really disappointed. Hindi iyon ang inaasahan niyang kalalabasan ng pinaghirapan niya.

Lumapad ang ngiti ng daddy niya. “Hindi lang sila dadalaw, sweetie. Dito na sila titira.”

Nalaglag ang panga niya.

“Yup! You heard it right, sweetie,” dugtong nito kahit hindi siya nagtatanong. “Dito na sila titira from now on. Isn’t that great? We’ll be one big happy family from now on.” Punung-puno ng kasiyahan ang ngiti, maging ang mga mata nito.

*Great? I don’t think so,* piping sagot niya. May pakiramdam siyang hindi maganda sa bagong set-up nilang iyon.

## 2

Gulat na gulat sina Charm at Mya nang galit na binuksan niya ang pinto ng opisina. Natigil ang tawanan at usapan ng mga ito nang pumasok siya at napaigtad nang pabagsak na nilagay niya sa ibabaw ng mesa ang dala-dalang ladies bag.

“I so hate my life right now!”

Nalaglag panga ng mga ito sa unang bungad niya at marahil sa dilim ng pagmumukha niya. Hindi man siya manalamin, alam niyang anumang oras ay parang bubuga na siya ng apoy.

“And I thought finding Tita Cam would be a great idea. But you know what? Turns out I’m totally wrong!”

“Minamaltrato ka ni Tita Cam?” mabagal at nananantyang tanong ni Charm. Alam niya, nagulat niya ito sa nangyayari sa kanya ngayon. Hindi siya ang tipo ng taong papasok ng opisina na tila bulkang sasabog anumang oras. She had always known how to control her temper.

“No!” Wala siyang mairereklamo kay Tita Cam. Hindi siya nabigo sa expectations niya rito, in fact,

nalampasan pa nga nito iyon. Nakita niya ang wagas na pagmamahal nito at ng daddy niya sa araw-araw nilang pagkakasama.

“Hindi ka na pinapansin ni Sir William?” Si Mya. Ang tonong ginamit nito ay pareho ng kay Charm.

“Not that!” sigaw niya.

“Eh, ano?” magkapanabay na tanong ng dalawa.

“I hate her son! I totally despise him that I wanna strangle his neck 'till he begs me to stop! God! Mauubusan ako ng dugo sa kanya!” Kung wala lang ang gagong iyon, she could say that her life was perfect. Kaso hindi niya inaasahang sa paghahanap niya kay Camelia ay mahahanap niya rin ang anak ng daddy niya.

“Ano ba kasi ang ginawa ng bago n’yong GM?” Si Charm. Nakuha na nitong ngumiti nang malaman ang ipinagpuputok ng butse niya.

Mag-iisang buwan nang nakatira ang mag-ina sa bahay nila. In that span of time, marami nang nagbago sa buhay niya. Hindi na sila nagbe-breakfast ng daddy niya sa dining area kundi sa garden nakasama ang Tita Cam niya. Natuto siya kung paano tratuhin ang isang tao na parang invisible. Iyon ang drama nila ni Zeth mula nang tumira ang mga ito

sa kanila. Halatang nag-iiwasan sila at kung maaari lang ay hindi nila gustong mag-usap at magkrus ang landas. Pinal na rin ang desisyon ng daddy niya na magretiro. Hindi pa napagdedesisyunan kung sino ang papalit sa puwestong binakante ng daddy niya—ang chairman of the board. Pero sa ngayon ay siya muna ang acting chairperson. The formal turn over and announcement of the new chairman of Lacsamana Group of Companies would happen a month from now, during company's foundation day party.

At kasabay ng pagreretiro nito ay ang pag-appoint ng huli sa anak nitong si Zeth bilang bagong General Manager ng *Lacsamana Group of Companies*. Hindi lingid sa lalaki ang malaking pagtutol niya nang magdesisyon ng ganoon ang ama. Halata kasing naghanap lang ng paraan si William makapasok lang ang anak sa kompanya at mag-umpisa sa mataas kaagad na posisyon.

They had three general managers assigned to three business groups of the company namely: consumer products; industrial products like air conditioner and printing equipment; and services like printing and air conditioner repair.

At kung dati ay isa lang ang GM para sa consumer



products, sa pagdating ni Zeth ay naging dalawa na. Kahit kayang-kaya naman iyong panghawakan ng isang GM lang. Sa lalaki napunta ang outdoor wear and equipment accounts. Para kasi sa daddy niya, bagay iyon sa lalaki. Aleana did not bother to ask why.

“Oh, God, please don’t remind me of that! Lumalala ang inis at problema ko!” Dalawang beses nang nagdedesisyon ang ama na hindi man lang siya nakapaghanda. Una ay noong lumipat sina Tita Cam at pangalawa ay nang sabihin sa kanya ng ama niya ang pagtulong ng lalaki sa negosyo nila. Hindi sa tutol siya pero... on second thought, may bahagi nga ng pagkatao niya na tutol doon. At hindi iyon dahil sa nagseselos siya o kung anupaman, mabigat lang talaga ang loob niya sa lalaki.

“P’wede mong ipaliwanag sa ’min at nang hindi naman kami parang nakalutang sa hangin dito dahil hindi ka masakyan? Ano ba kasi ang problema sa kanya?” mahinahong saad ni Mya.

“Problema ko sa kanya? Lahat! His looks, his built, arrogance, pagiging bato, walang pakiramdam, mayabang, akala mo kung sinong matalino at magaling, lahat-lahat! Ultimo pagbuntong-hininga niya ay kinaiinisan ko!”

“Now that’s exaggeration,” natatawang sabi ni

Charm.

“No, I am not exaggerating! Talagang kinaiinisan ko ang lahat-lahat sa kanya. Alam mo bang dinaig niya pa kami ni Dad? Anak lang siya pero akala mo ay kung sino nang hari na papasok ng opisina kung kailan niya gusto!” Itinuro niya ang isang kamay sa labas ng bintana habang nakapamaywang. “Ayun at tulog pa din nang umalis ako ng bahay samantalang alam niyang Lunes ngayon! Hindi niya pinapansin si Dad kahit na my dad is doing everything he can makabawi lang sa kanya. Lahat ng efforts ni Dad ay balewala sa kanya. He can’t call him dad o kahit man lang sana by his first name! Lahat na lang ng gawin nito ay may reklamo siya at rason para lang tanggihan. Ni hindi niya pinag-iisipan kung nakakasakit kay Dad ang mga pinagsasabi niya. Umaalis at umuuwi siya ng bahay kung kelan niya gusto!”

“Aleana—”

“Don’t you dare tell me na intindihin ko siya dahil lang matagal na panahon siyang lumaki na walang ama,” putol niya sa kung anumang sasabihin ni Mya. Alam niyang iyon na naman ang dialogue nito sa kanya dahil halos araw-araw na lang ay nagrereklamo siya. “It has been almost one month, for Christ’s sake! Ginagawa ni Dad ang lahat para magkalapit sila!

Maano ba namang bigyan niya ito ng chance at hindi iyong pagsasarhan niya agad ng pinto without even trying. Can't he even do it kahit para kay Tita Cam?"

"Eh, ano nama'ng reaction ni Tita sa mga ginagawa niya?" untag ni Charm.

"Pinagsasabihan siyempre. Pero dahil nga masama ang ugali at matigas ang ulo, hindi siya sumusunod!" Namaywang si Aleana at ang mga empleyado sa labas ng opisina niya naman ang nakita. "And look at my employees! Simula nang dumating siya dito sa opisina, wala nang ibang ginawa ang mga babaeng empleyada ko kundi ang magtsismisan, magpaganda at parang mga teenage girls na kinikilig kahit dumadaan lang ang lalaki sa harapan nila. Oo nga't guwapo siya, but he's not that super handsome para mabaliw ang mga empleyada ko sa kanya!"

"You should be thankful for that. Nang dahil sa kanya, bumaba ang tardiness rate ng mga employees mo." Si Charm.

"Yeah. Gaya ng pagbaba ng production rate nila dahil umagang-umaga, wala nang ibang ginawa kundi ang magkuwentuhan about him!"

"They were just admiring their boss. At least, inspired sila lagi sa tuwing pumapasok," pagtatanggol

ni Mya. “And di ba nga, according to Sir Leo, Zeth is very much willing to learn. In fact, halos lahat ng ideas for the upcoming meeting with *The North Face* people ay galing sa kanya. Hindi siya gagawing GM ng dad mo kung alam nitong wala siyang kakayahan.”

Iyon ang isa sa mga inaalala niya. She did not trust Zeth at all. Masyado itong pa-easy-easy sa kompanya nila gaya ng pagiging relax nito sa buhay. The upcoming meeting with the said company was very much important. Hindi sila puwedeng magkamali. Sa meeting malalaman kung ire-renew ng company ang contract sa kanila bilang sole distributor ng *The North Face* sa Pilipinas. Kapag nagkamali sila, maaaring mawala ang pinakamalaking account sa kompanya nila.

She rolled her eyes.

“C’mon, sistah, give the guy a chance!” sambit ni Charm, as if nababasa nito ang naiisip niya. Ilang beses na nitong sinabi iyon sa kanya.

Itinaas ni Aleana ang isang kilay bilang sagot dito. The girls were not taking her seriously. Alam niya iyon at mas lalo siyang naiinis. Tinalikuran niya ang mga ito at padabog na umupo sa swivel chair. Kinuha niya ang mga naka-file na folders sa gilid ng mesa niya at nag-umpisang magtrabaho. Intensyon

niyang hindi pansinin ang mga kaibigan.

Narinig niya ang tawa ni Charm. “Look, Aleana, alam naming rinding-rindi ka na sa payo namin, pero konting pasensya pa with Zeth. Hindi naman kasi madali ang gusto mong mangyari. Hindi mo mababago ang lahat sa loob lamang ng isang buwan. It would really take time. Lalo na sa mga lalaki. Hindi naman sila tulad nating mga babae na emotional. You can also see na independent si Zeth and obviously, doesn’t want a father anymore dahil mula’t sapul pa ay lumaki na siya ng walang ama.”

Itinigil niya ang ginagawa. Pinaglipat-lipat niya ang tingin sa dalawang kaibigan at matamang pinagmasdan ang mga ito. She let out a deep sigh. “Hindi ko naman sinasabing tanggapin niya agad si Dad. Sa tingin n’yo ba hindi ko alam ’yan? All I’m asking from him is a little respect for our dad. Kahit bilang tao na lang at hindi bilang ama. Mahirap bang gawin iyon?”

Sabay na nagkibit ng balikat ang dalawa.

“Guess so. Nahihirapan ang kapatid mo, eh,” tugon ni Mya.

“Oh, please!” Itinirik niya ang mga mata. “Don’t call him my brother! Alam ninyong hindi ko

siya kapatid at never ko siyang magiging kapatid,” makahulugang sabi niya sa mga ito.

“Yun na nga eh. We know that fact kaya nga tinutukso ka namin sa kanya. Pero dahil nga naiinis ka—”

Ngumiwi siya. “Kadiri kayo.”

Nagtawanan ang dalawa.

It felt awkward. Hanggang ngayon ay hindi niya pa naga-grasp ang idea na may kapatid siya at si Zeth pa. Hindi niya maintindihan, pero hindi niya maturing-turing na kapatid ang lalaki kahit mag-iisang buwan na ito sa kanila. Samantalang ang Tita Cam niya ay natanggap niya agad noon pa mang nasa ospital sila.

For her, he was just her dad’s son. Period.

“What are you doing here, by the way? Ang aga-aga. So not you,” baling niya sa best friend.

“Speak for yourself. Nakalimutan mo na ba? Ngayon ang alis ko papuntang New York!”

Napamulagat siya. She completely forgot about it!

Natawa si Charm. “Looks like hindi lang ang

pagiging good-natured mo ang nawala sa 'yo, ah. Nagiging makakalimutin ka na din.”

Tama si Charm, hirap na siyang kontrolin ngayon ang temper niya hindi gaya ng dati. Nagiging makakalimutin na rin siya. All because of that a-hole Zeth.

Ano ba ang nangyayari sa kanya? Bakit apektadong-apektado siya?

---

And as if hindi pa nakontento ang tadhana sa konsumisyong ibinibigay ni Zeth kay Aleana, dumagdag pa ito ng isa. And this time, umabot na sa sukduhan ang pagtitimpi niya.

“What do you mean, you’re not prepared! You’ve been doing that presentation for two weeks and now you’ll show up and tell me you don’t have any presentation for the meeting!” Umuusok ang bumbunan niya habang mahigpit na magkasalikop ang mga kamay ni Ciara, staff ng general manager nilang si Leo.

“Eh kasi, Ma’am—”

“What!” she snapped. Napaigtad ito sa lakas ng boses niya. Ito ang unang pagkakataon na nakitaan

siya ng galit ng mga empleyado niya.

“E-eh kasi, Ma’am, n-na kay Sir Zeth po ang presentation. H-hindi pa po siya dumarating hanggang ngayon.”

“And you didn’t even bother to back up the file?” Hindi niya alam kung saan magagalit ng sobra. Sa hindi pagsulpot ng lalaki ngayong araw na alam nitong in three hours’ time ay magsisimula na ang meeting with *The North Face* people o sa katangahan ng mga tao niyang hindi man lang naisipang gumawa ng back-up ng files.

“Ma’am, we did but—”

“But?”

“W-we couldn’t find the back-up file.” Ciara bit her lower lip.

Umigkas ang isang kilay ni Aleana. “So ano’ng gusto mong gawin ko at nandito ka sa harapan ko? Call our client and cancel our meeting just because my staff is stupid enough to lose the file?”

“N-no, Ma’am.” Yumuko ito.

“Then why the hell are you here? Didn’t I tell all of you before not to report any problems unless wala kang solution na ipe-present?”



“Sorry, Ma’am...” Nabasag ang boses nito.

Tumalikod si Aleana. She closed her eyes, counted from one to ten and sighed. “Just get the hell out of here, Ciara.” Pilit niyang pinapakalma ang sarili kahit nahihirapan siya. “And look for that damned file. I don’t want any—”

Naputol ang iba niya pang sasabihin nang mag-ring ang telepono niya. Nang makita ang local number ni Leo ay dinampot niya agad iyon.

“I want good news, Leo,” may pagbabanta sa boses na bungad niya.

“Everything’s fine. Don’t worry we’ll have *The North Face* for another ten years,” buong kumpiyansang saad nito.

Para siyang nabunutan ng tinik sa sinabi nito. “Thank God! Has he arrived or did you find the other file?”

“The latter. Zeth texted me, hindi daw siya makakarating. He’s on his way to Siargao Island right now. May international competition daw and he wants to join.”

“That asshole!” sigaw niya. She gritted her teeth. Naikuyom niya ang kamao sa inis. Walang paalam na

ibinaba niya ang telepono at iniangat ang isa pang aparato na katabi nito. She dialed Mya's number.

“Yes, Ma'am?” kam panteng sagot ng sekretarya.

“Find out where exactly that goddamn *Siargao International Surfing Competition* is, call our pilot and and tell him to have the chopper ready!” Muli ay ibinagsak niya ang telepono. Tumaas-baba ang dibdib niya sa sobrang galit. Nang iangat niya ang mukha ay nakita niyang nakatayo pa rin si Ciara sa harapan niya.

“A-am I allowed to l-leave now, M-Ma'am?”

# 3

“This is indeed Cloud Nine!” Abot hanggang tainga ang lapad ng ngiti ni Zeth habang pinapanood ang mga kapwa surfers na nagsu-surf sa tinatawag na ‘Cloud Nine’ ng Siargao Island. Pinapanood niya pa lang ang mga ito ay tumataas na ang adrenaline rush niya. Paano pa kaya kapag siya na ang nasa gitna ng mga waves? Hindi na siya makapaghintay na siya mismo ang maka-experience ng mga iyon. Cloud nine or C9 to surf dudes like him was a powerful hollow right hander, a most popular break and considered as one of the best waves in the world.

“Whoa!” sabay na bulalas nila ni Shawn nang may isang surfer na nagsagawa ng isang malinis na aerial move at pagkatapos ay nag-layback ng hindi man lang nahuhulog sa surfboard nito. Unpredictable ang huling move na iyon. Sa kaso niyang anim na taon nang nakahiligan ang surf, matagal bago niya na-perfect ang move na iyon. Nakailang hulog at maraming beses pa siyang nagtamo ng sugat.

Ito na ang pangalawang beses na sasali siya sa *International Surfing Cup*. He knew it would be imposible for him to bag the grand prize dahil

napakaraming mas magagaling na contestants. Pero hindi naman nila habol ang premyo. Ang importante sa kanila ay ang excitement at challenge na makikipag-compete sila sa mga magagaling na surfers sa iba't ibang sulok ng daigdig.

“Darn, that was smooth!” komento ng best buddy niyang si Shawn. Gaya niya ay excited din ito. Nakangiti rin ang kaibigan habang pinapanood sa gitna ng dagat ang mga surfers. Sabay silang nahilig sa surf anim na taon na ang nakakaraan at sabay ring sumali sa *International Surfing Cup* two years ago.

“I know, right? Balita ko three years pa lang daw ’yan,” tukoy niya sa pareho nilang tinitingnan. Nasa tabing-dagat sila kasama ang ibang kalahok sa competition. At bawat isa ay hawak-hawak ang kani-kanilang surfboard.

Nang mag-tube riding ang tinitingnan nila ay nagpalakpakan ang karamihan sa tabing-dagat. Maingay ang mga iyon at panay ang sigawan. Naramdaman niya ang pagsiko ni Shawn sa kanya. Bumaling siya rito. Nagtatanong ang mga mata ng kaibigan. Sinagot lang siya nito sa pamamagitan ng pagnguso sa bandang likuran niya. Sinundan niya ng tingin ang tinuro nito. At napanganga nang makita kung sino ang galit na galit palapit sa kanya.

“What the hell?” bulong niya sa sarili.

“Uso na ba ang ganyang beach outfit ngayon? Parang pang-corporate attire,” tanong ni Shawn mula sa likuran niya. Kahit hindi niya ito tingnan, alam niyang nakakaloko ang ngiti nito.

---

“Zeth!” muling tawag ni Aleana nang sa wakas ay narinig siya ng lalaki. She spent one hour looking for this bastard! Nagmamadali ang bawat hakbang niya. At kahit nahihirapan siyang maglakad sa buhangin gamit ang three-inch heels niya, wala siyang pakialam. Ang mahalaga lang nang mga oras na iyon ay mapatay ang lalaki.

Matapos masigurong wala nang aberya sa meeting ay nagmadali siyang pumunta roon gamit ang chopper ng kompanya.

Nang sa wakas ay malapit na siya sa lalaki ay sinipa niya ng ubod-lakas ang surfboard na hawak-hawak nito.

“What the—”

“You bastard!” Buong lakas na itinulak niya ito sa hubad nitong dibdib. Bahagya lang itong napaatras sa ginawa niya. “Don’t you have any idea

how important that meeting is!?” Muli ay nanggigigil na tinulak niya ito. “You chose to ditch the meeting over this nonsense, useless, full of crap competition! You’re the most irresponsible asshole I’ve ever met!” Sa muling pagtulak niya rito ay nahuli ng lalaki ang dalawang kamay niya at hinayaan nitong saluhin ng nasa likuran nito ang surfboard nito.

“Hey!” awat nito. “Hey!” anito muli nang magtangka siyang pumiglas sa pagkakahawak nito. Bahagya pang tumaas ang boses nito. “Will you stop? You’re making a scene, Aleana Lacsamana!”

Bigla siyang tumigil nang banggitin nito nang buo ang pangalan niya. If that was his way of stopping her, nagtagumpay ito. Takot siyang makaladkad ang pangalan niya sa media bilang isang babaeng mahilig sa gulo. Ayon kay Mya, hindi imposibleng maraming press people na nagkalat doon dahil isa iyong international event. Pasimple niyang pinalibot ang mga mata. Ang iba sa mga ito ay nakatutok pa rin sa kanila samantalang may ibang binawi na ang tingin at nagpatuloy sa panonood ng surfers sa dagat.

“Bastard!” she said through gritted teeth.

Nanlaki ang mga mata niya nang hilahin siya ni Zeth palapit sa hubad na dibdib nito. Ramdam niya ang pagdikit ng balat niya rito. Iniangat niya ang

mukha at nasalubong ang tikom na bibig ng lalaki habang nanlilisik ang mga matang nakatingin sa kanya. Bigla ay tila hindi siya makahinga. Kung dahil sa pagdidikit ng balat nila o sa galit nitong mukha ay hindi niya sigurado. Nang maging eratiko ang pagtibok ng puso niya ay hindi na siya nakapalag pa.

“Watch your tongue, lady,” mariing banta nito. “Nobody calls me ‘bastard’.”

Naningkit ang mga mata niya. Pinilit niyang balewalain ang mabangong hininga nitong dumadampi sa mukha niya sa tuwing nagsasalita ito. Halos isang dangkal na lang ang layo ng mukha nila sa isa’t isa. “Well from now on, meron na: me. Surprise!” sarkastikong sagot niya. “You deserve it. Sa tingin mo, gawain ng isang matinong tao ang iwanan sa ere ang staff at the last minute, gayong alam niyang he was supposed to present the ideas with important clients? Sinasabi ko na nga bang walang patutunguhan ang paglalagay sa ’yo ni Dad sa kompanya. Hindi ako nagkamaling tutulan ang pagpasok mo. Because you almost ruined the company’s image na matagal na naming iniingat-ingatan!”

“Dahan-dahan ka sa pananalita mo.” Tumiim ang bagang nito. “Bago ako umalis ay siniguro kong maayos ang lahat. Alam ni Leo na aalis ako at siya

ang in-assign kong mag-present sa harap ng kliyente.”

Nang-uuyam ang ngiti niya. “Oh, really? Sino’ng niloloko mo? Kung talagang siniguro mong maayos ang lahat, bakit kailangang mataranta pa silang lahat kaninang umaga?”

“Maybe because they’re stupid,” dagling sagot nito.

Mas lalong naningkit ang mga mata niya. “Don’t you dare say that. I have the most trusted and efficient employees at hindi dahil anak ka ni Dad ay mas paniniwalaan kita kaysa sa kanila!”

“I never acknowledged the idea of being *William Lacsamana’s only son*. Kayo lang ang nagpumilit n’un sa ’kin,” mariing sabi nito.

Sa sinabi nito ay muli siyang nagpumiglas. At dahil hindi nito inaasahan ang muli niyang pagwawala ay nakawala ang isang kamay niya. Binayo niya ang dibdib nito. “Sumusobra ka na! For weeks, pinilit kong magtimpi sa ’yo for our parent’s sake. But now you’ve crossed the line at hinding-hindi na ’ko makakapayag pang bastuhin mo ang ama ko! How dare you!”

Nagpambuno sila. Ngunit sa minsang paggalaw ng paa niya ay na-out of balance siya. Mataas kasi



ang heels ng sapatos niya. Napatili si Aleana. At dahil nakahawak pa rin ang lalaki sa kanya at nakatuon ang pansin sa pagwawala niya ay nagulat din ito. Hindi nila inaasahan ang sumunod na nangyari. Sabay silang bumagsak sa buhanginan. Nakapatong na si Zeth sa buong katawan niya at muntik pa silang maghalikan kung hindi lang naging maagap ang lalaki. They were in an awkward position.

At mas lalo pa iyong naging awkward nang magsalubong ang mga mata nila. Bigla silang natahimik. Gumalaw ang mga mata nito na tila nagliwaliw sa buong mukha niya. Nagsimula na siyang kabahan. Nang dumako ang mata nito sa labi niya ay napalunok siya nang wala sa oras. Rinig niya na ang mabilis na tibok ng puso niya. Parang mga dagang nagtatakbuhan dahil may pusang humahabol sa mga ito.

Wala sa sariling pinagmasdan niya rin ang labi ng binata. Maninipis iyon na puwedeng ipanlaban sa labi ng mga babae. It was naturally pinkish. At kahit hindi niya pa nahahawakan ay sigurado siyang malambot.

*What the hell are you doing?* kastigo niya sa sarili.

She blinked. Ano at kung anu-ano ang tumatakbo sa isip niya? Eksakto namang may narinig silang

ingay mula sa himpapawid. She looked up at talagang nakuha niyon ang buong atensyon nang malaman kung ano ang tumutunog.

“Shit!” mura niya. Nagmamadaling tumayo si Aleana. Ang maingay sa ere ay walang iba kundi ang chopper ng *Lacsamana Group of Companies* na nagdala sa kanya papunta roon! Alam niya dahil walang ibang chopper na kulay puti at may malaking logo ng kompanya sa islang iyon kundi iyon lang.

“Stop! Stop that goddamned thing!” she screamed with all her might. Tumakbo pa siya papuntang dagat na para bang mahahabol niya iyon. Pero nang maramdaman niya ang tubig sa paa ay tumigil siya. “Stop the chopper!” muli niyang sigaw. “Stop! Damn it!” pumadyak pa siya. Ang mas lalo pang nagpagalit sa kanya ay ang ginagawa ng piloto. Tumigil pa ito saglit sa ere na para bang gusto talagang ipakita sa kanya na iiwanan siya nito.

Muli siyang nagmura nang tuluyan nang lumipad ang sasakyan. Naiwan sa chopper ang lahat ng gamit niya—her bag, cellphone, wallet and everything! Wala siyang ibang dala kundi ang suot niya!

“That what’s you get for being impulsive.”

Marahas na nilingon niya si Zeth. Sumunod pala

ito sa kanya. Nakahalukip ang mga kamay nito habang tinitingnan ang papalayong chopper. Maging ang ibang tao sa paligid ay nakuha ang atensyon sa ingay ng sasakyan.

“Imagine, you came all the way here para lang murahin at bulyawon ako?” dugtong nito. Hindi man ito nakangiti, nakakaloko naman ang tingin nito. “Justice has been served, sweetie.”

Naningkit ang mga mata ng dalaga sa inis.

---

“Here, take this.”

Napalingon si Aleana nang may magsalita sa likod niya. Nakita niya si Zeth na may hawak na isang hindi kalakihang supot. Kumunot ang noo niya; nagtatanong ang mga mata.

“You need something to wear.”

Kahit galit ay na-appreciate niya ang ginawa nito. Inabot niya iyon. “Thank you.”

“Have you contacted someone already?” pagkuwan ay tanong nito.

She sighed helplessly. “No one’s answering my call. God, what is wrong with them?” napipikong

sabi niya. She tried to contact her dad, Mya, Leo and even the pilot. Pero walang sumasagot. Sinubukan niya rin pati ang Tita Camelia niya, pero maging ito ay tila deadma sa kanya.

“How about your dad?”

Umiling siya. Pinili niyang palagpasin ang ginamit nito patungkol sa ama nila.

“I even called Tita Cam...” She sighed again. Sa lahat pa naman ng ayaw niya ay iyong makukulong siya sa isang sitwasyon na walang ibang pagpipilian kundi ang dumepende sa ibang tao. Sinauli niya rito ang cellphone nito.

“Keep it. Hangga’t hindi mo pa nako-contact ang kukuha sa ’yo rito,” anito sa halip na tanggapin ang inaabot niya.

“I hate this,” mahinang sabi niya. Kahit gusto niyang ibalik iyon sa lalaki ay hindi na siya nagpumilit pa. Alam niyang kakailanganin niya pa rin iyon.

Labag sa loob ni Aleana nang abutin ang cellphone ng lalaki kani-kanina lang at sabihin nitong puwede siyang makitawag. Wala siyang hinihinging tulong mula dito. Pero iyon na nga ang masama. Alam ng lalaki kung gaano siya ka-helpless kaya ito na mismo ang nagkusa. Hindi pa man niya natatanggap ang

pagpapahiram nito ng cellphone sa kanya ay heto at bumili pa ito ng damit para sa kanya.

Hindi matanggap ng pride niya na tatanggap siya ng tulong mula rito.

“At least, you’ve learned your lesson.”

Pinaningkitan niya ito ng mga mata. Halos isang oras din siyang naghintay sa tabing-dagat sa pagbabaka-sakaling babalikan siya ng chopper. Pero isang oras na siyang nakaupo sa buhanginan ay hindi pa rin ito bumabalik. Sa huli ay wala na siyang nagawa kundi sumunod kay Zeth nang yayain siya nitong tumuloy sa cottage kung saan ito naka-check in.

“Sino ang hindi magiging impulsive sa ginawa mo?” singhal niya.

“How many times do I have to tell you, alam ni Leo noon pa na aalis ako. Handa siya para sa meeting with the client. Kaya sinayang mo lang ang oras mo nang pumunta ka dito at ang energy mo n’ung inaway mo ’ko. Tingnan mo tuloy ang nangyari, na-stranded ka,” parang napapagod ng paliwanag ni Zeth sa kanya.

“Hindi ako masa-stranded, okay? I’ll call Mya and ask her to book me a flight as soon as possible.”

“Problem is you still can’t contact her. And you must know, fully booked ang lahat ng airlines dahil sa surfing event. Imposibleng makakuha ka pa ng ticket. Try two weeks after, paniguradong may available seats na.” Tinalikuran siya nito.

Nanlaki ang mga mata ni Aleana. Sinundan niya ito, as if makakatulong ang pang-aaway niya sa lalaki kapag ginawa niya iyon. “Are you kidding me? I can’t stay here that long! The company needs me!”

Nasa labas sila ng cottage. At kung naiba-iba lang ang sitwasyon, ikakasiya niyang nandoon siya. Kahit medyo commercialized na ang lugar, napanatili pa rin ng resort ang pagiging malapit nito sa nature. Maraming puno ng niyog sa labas ng cottages. Berde at halatang alaga ang bermuda grass.

Tumigil si Zeth. Mabuti na lang ay maagap siya. Kung hindi ay nauntog na ang mukha niya sa likod nito. Humarap ito at mataman siyang tiningnan. “Sana naisip mo ’yan bago ka sumugod dito.”

Umigkas ang isang kilay niya. “Why would I think about that? I have my own chopper.”

“Chopper na iniwan kang walang-wala dito sa Siargao. Nice thinking, CEO. Akala ko ba efficient ang mga empleyado mo?” sarkastikong saad nito

*Perfect Love - Jean Mae Oryza*

---

bago siya tinalikuran ulit. “Pumasok ka na sa loob at magbihis. We’ll have dinner afterwards.”

She gritted her teeth. She felt helpless!